# Sapagkat Umiibig: Mga Tula

Filipino – Tula

## Mga Nilalaman

Sapagkat Kinahapunan

Sapagkat Mahirap Akong Maging Kaibigan

Sapagkat Noong Sinabi Ko Sa Iyong Mabuting Mangingibig Ang Mga Manunulat

Sapagkat Kinagabihan

Sapagkat Noong Sinabi Mo Ang Pangalan Ng Mga Dating Mangingibig

Sapagkat Ganito Ang Tinatawag Mong Pag-ibig

Sapagkat Umiibig Tayo Hindi Man Sa Isa't Isa

Sapagkat Kinahatinggabihan

Sapagkat Tinatawag Ko Ang Pagtubo

Sapagkat Ang Iyong Sarili

Sapagkat Matatagpuan Mo Ang Iyong Sarili

Sapagkat Isusuko Mo Ang Iyong Sarili

Sapagkat Hinihiling Ko Ang Hunos

Sapagkat Kinaumagahan

Sapagkat Iniibig Kita

Sapagkat Kinahapunan

Matututunan ng bibig ang ibig sabihin ng kasarinlan: babalik
Muli ang ginagalugad na siyudad sa pinakakawalan nito
Ng pagkakakilanlan. Sa ilalim ng tumatalukbong na kumot
Sa mga gusali't bangketa, kalahati nitong sansinukob
Ang muling inuuwi ang lahat sa pagiging estranghero: mawawala
Ang karahasan ng liwanag ng hapong kumukulong sa lahat
Sa loob ng iisang anyo, buburahin ang bawat linya nitong
Mga anino: ang mukhang lalaya mula sa pagiging mukha,
Ang hubog, huhulagpos mula sa ganap na katiyakan ng pagiging
Isang hubog. Mga daliring maglalaro't aapuhap sa dilim, mangangapa
Para sa hugis ng kawalang-hugis nitong amorposong pagbabago-
Bago. Nagbabago sa kasarinlan ang mundo. Binubulag
Ang mga matang dilat na nagmamatyag, kinukupkop ang lahat
Nitong paglubog ng araw: ang gabi ay para sa mga lalamunang
Tuyo't nauuhaw, mga sikmurang hungkag at kumakalam, paano
Pinupunan nila ang wala sa pagbaling sa pagpikit at paghimbing.
Ito ay para sa mga lagalag, para sa mga nananatili, para sa mga patuloy
Na naghihintay. Para sa mga puta at para sa mga hindi makatulog,
Para sa hindi natutulog at sa mga pumipiling makulong sa loob
Ng puntod ng panahon. Para sa walang uuwian, walang patutunguhan
Walang direksiyon, para sa mga naliligaw na hindi na naliligaw
Ngayon dahil sa karimlan ng mundo, wala na ang hilaga
At timog. Para sa mga mali at bawal, silang mga nananampalataya
Sa mali at bawal, para sa pagiging tama nitong mga bawal,
At ang mga maling hindi na kailan pa man magiging mali.
Para sa pag-ibig. Para sa pagnanasa. Para sa pagnanais, pagluhod,
Pagkaubos, pagsamba. Para sa bawat alipato at upos. Para sa pagsubok
Sa paghalinghing sa mga salitang hindi rapat inuusal o maririnig
Kailanman sa ilalim ng sikat ng araw. Para sa lahat ng maaari man
O hindi, sapagkat dito, sa kahabaan ng dilim, matatagpuan nating
Tayo, ang lahat ng ito, maaari.

## Sapagkat Mahirap Akong Maging Kaibigan

Madali lang naman akong maging kaibigan: matapos ng unang beses makausap,
Maaalala na kita. Matatandaan ko ang mukha mo
kaya magiging masaya ako
Sakaling samahan mo ako sa pagdayo sa mga tagong sulok ng lungsod, kung saan
Susubukan kong makahanap ng mga mumunting aklat na hindi na iniimprenta
Ngayon. Malalaman mo ang mga pamagat ng mga tulang kinabisado ko na sa panahon,
Tulad noong tungkol sa hiniwang kaimito. Mayroon ding tungkol sa bawal na pag-ibig
At kupitang naligwak, na minsan ko nang sinubukang sulatan ng panagot na tula,
Pero malalaman mong wala, nawala, na
wala, sapagkat hindi ko pa talaga alam
Ang ginagawa ko noon. At sasabihin kong hindi ko pa rin talaga alam ang ginagawa ko
Hanggang ngayon, tulad nitong paglipat-lipat at pag-upo-upo ko sa loob nitong
Mga kapihan, hindi man talaga ako umiinom ng kape, dahil ang gusto ko lang talaga,
Tsaa. Ganoon pa man, nananatili akong nakaupo sa loob, pinapanood ang abenida.
Nagbabasa ng tula. Nagsusulat ng mga talâ. Ngunit ang kailangan ko lang talaga,
Kasama. Kailangan ko ng mapagsasabihan
nitong lahat ng mga hinaing ko sa mundo,
Kailangan kong masabi na hindi naman ako galit, na kailanman hindi talaga ako
Nakararamdam ng galit. Kundi pawang lungkot. Na matapos ang lahat, patuloy ako
Sa paniniwala sa kabutihan ng uniberso. Nakakatawa, pero totoo. Kaya bigla na lang
Magbibiro nang hindi maging masyadong seryoso. Hahalakhak tayo at pagkatapos,
Mananahimik. At sa lahat, itong katahimikan ang ninanais. Kung kaya kukunin ko
Ang iyong kamay, dadalhin
sa mga galerya at museo, sa harap ng mga kuwadro,
Sasabayan akong tumulala, bubuo ng tula, ng kahit anong tula, may sukat man
O wala. Mananahimik tayo sa loob ng silid at hindi mamamalayan ang paglipas
Ng oras. Magiging maayos para sa atin ang lahat-lahat: hindi natin iindahin
Ang kawalan ng mga salita dahil marunong tayong makuntento sa pagpapaubaya
Sa wala. Magkakaintindihan tayo. Tatawa tayo dahil may mga bagay na nakakatuwa
Para sa atin at para sa atin lang: walang makakakuha
sa atin, ngunit para sa atin,
Malinaw ang lahat. Sasabayan natin ang mga kantang paborito, tatayo't sasayaw
Nang wala sa ritmo dahil aangkinin natin ang sariling ritmo at papangalanan itong
*Tayo*. Iikot tayo nang iikot, hanggang sa mapagod ang ating mga binti at paa,
Hanggang mapaupo na lang tayo nang basta. Titingin nang mata sa mata, ngingisi dahil
Basta. At ayos lang kahit hindi natin maipapaliwanag ito sapagkat maliwanag naman
Sa atin itong lahat. Maayos ang lahat kahit pa
hindi ka parating sasang-ayon
Sa sasabihin ko. Makikinig ka ngunit hindi bibigay nang ganoon lang kadali: sasalungat ka,
Sasabihin ang mga bagay na gusto mong sabihin, dahil alam mong higit sa lahat,
Katapatan. Bagaman sa huli, pagkakaunawaan. Kapatawaran. Mga bagay na kailanman
Hindi mahahawakan ngunit mga bagay na ating patuloy na panghahawakan. Sa isang punto,

Hindi ko na mauunawan ang sarili ko, kung saan ako magtatapos at kung saan ka Mag-uumpisa, ngunit handa ako

sa muling paniniwala, ilan beses pa man na akong Binigo at pinaniwala. Marahil, ito ang dahilan ng lahat ng landas na sinuong, lahat nitong Pasikot-sikot ng laberintong pinagdaanan ko sa loob ng mga araw na hindi ko na mabibilang O bibilangin pa. Sapagkat ayoko nang maalala. Sapagkat narito ka, at ito lang ang mahalaga. Sapagkat sa pagsapit ng dilim, sa ilalim ng mga kawad na salasalabid, humihuiling akong Sabayan mo sa paglalakad nang hindi ako umuwi nang mag-isa. Ang ibig kong sabihin: Huwag ka muna sanang umalis.

Ito lang naman ang ibig kong ipahiwatig: may uri ng katahimikan
Ang dapat mong maunawaan. Hindi mo mapapansin, ngunit maya't
Maya, sa gilid ng kanilang mga mata, magnanakaw sila sa iyo
Ng tingin. Huwag mong mamasamain, kung titingnan ka na lang nila
Nang walang salita. Balintuna kung tutuusin dahil paano nga ba
Mangyayaring mauubusan ng salita, silang mga tumatawag sa kanilang mga sarili
Bilang manunulat? Ngunit ito ang katotohanan, sapagkat natutunan nilang
May mga bagay na dapat ipaubaya na lang sa kawalan ng mga salita,
Sa mga espasyong iginugugol sa pagtikom ng bibig, sa mga patingi-
Tinging pagtitig. Katulad na lang noon
nang matagpuan na lang natin
Ang ating mga sarili ilang oras ang makalipas sa tabing-dagat,
Sa ilalim ng kalangitan ng mga nagmamatyag na tala, silang matagal nang
Wala. *May mga liwanag na hindi nawawala*, sasabihin mo sa akin kinalaunan,
At mauunawan ko ang talinghaga. Sa ngayon, sa pagitan natin, isang dipa
At isang kuwento mula sa kung nasaan ka sa kung nasaan ako,
Bagaman hindi ako makalapit. Nais ko sanang lumapit at tumabi,
Ngunit wala akong salitang mabitiwan upang maisara itong espasyong
Namamagitan, upang mabuksan ang lahat ng maaari
sa aking isipan. Ganito
Ang mga tulad ko: nauutal sa mga pagkakataong pinakakailangan ko
Ang salita. *Magsalita ka*, utos ko sa buhangin at mga tala, *Magsalita ka*
At sa pag-uulit-ulit, hindi ko mawari kung kinakausap lang ba kita
Sa aking isip o sinusubukan lang palakasin ang nalalansag na dibdib.
Ngunit wala pa ring nangyayari, kahit pa nakailan na ako sa paglagok
Mula sa boteng hawak ko. Minamasdan ko lang ang tubig
sa di-kalayuan,
Ang kanilang pagparito't pagparooon sa pampang, habang umaasang ikaw
Ang mauunang lumapit sa akin. Isasara ang guwang na namamagitan
Sa ikaw, sa ako. Kakausapin ako. Tatabihan ako. Tatanungin ako,
Kumusta ako, bakit wala akong kibo, ano nga ba ang masasabi ko
Tungkol sa idea ng pag-irog. Pagkatapos, magpapalitan tayo ng ilang
Biro at pagkatapos, kakampay, at pagkatapos,
magiging masaya ako.
Ngunit hindi ganito ang kaso sapagkat hindi laging umaayon ang mundo
Sa lahat ng ating mga gusto. Kaya ipinagkakasya ko ang sarili ko
Sa katahimikan, sa tunog ng paghampas nitong mga alon, ang pagbalik nila
Dito, sapagkat ano pa nga ba ang karapatan kong humiyaw at magreklamo
Sa mundo? Nariyan ka, narito ako, narito ang humigit-kumulang iisang

Metro-kwadrado ng buhangin sa ilalim ng ating mga paa, mga tala
Sa ibabaw nating dalawa, bote ng alak, ang walang hanggang dagat,
Ang katahimikan natin
                    sa kawalan ng salita. May isang ilaw-poste
Sa ating likuran at inilalatag nito ang anino natin sa buhanginan. At doon,
Mas malapit ako sa iyo, napakalapit ko sa iyo. At lumapit pa ako sa iyo, lumapit
Nang lumapit habang tahimik na inihilig ang katawan pakaliwa upang sa wakas,
Magkadikit ang ating mga balikat. Nagkadikit ang anino ng ating mga balikat. At dahan-
Dahan, idinantay ko ang aking ulo upang mapalapit ang aking ulo sa iyong braso,
Pagsandal nitong anino sa anino. Pinagmasdan ko sa buhangin ang hulagpos,
Ang anino mo sa anino ko, at hindi ko alam kung napansin mo ang lahat ng ito.
Ngunit ako, malayo ang tingin, nananatiling nakaupo, walang imik.
Nagpapasalamat sa hangin.

## Sapagkat Kinagabihan

Mauuna sa noo. Marahang dadapo ang isang paruparong
Halik. Taimtim sa paglapat nito sa balat, bubuka-
Buka ang mga pakpak. Hindi alintana ang pagkabulag
Sa pulbo, bagaman pikitmata ang pagsalubong.
Sapagkat tumatagos sa laman ang iniiwang lagyo,
Nag-iiwan sa mga labi ng samyo. Sa kahinahunan
Nitong pagpagaspas, may kung anong liwanag
Ang sumisibol sa gitna nitong mga katawang
Nakaluhod at sumasamba sa apiran: dumadagundong,
Umiimbulog ang harayang noo'y ilusibo't nagtatago.
Sapagkat ngayong nabubuo at nahahawan na nitong
Mga palad ang lahat ng pagnanasa at inaasahan.
Sapagkat ang mga pakpak, sarikulay sa karimlan, patuloy
Ang pagpagaspas, pabilis nang pabilis sa pagpagaspas
At pagpagaspas, hanggang sa ang kaninang nag-iisang pares,
Ngayo'y isang lehiyon, mga paruparong patuloy sa pagsuong
Sa kabuuan nitong katawang uniberso, lumilipad sila't
Dumadapo, pumaparoo't pumaparito, itong mga hindi
Mabibilang na sumasayaw sa loob ng kuwarto, silang
Ngayong sumasaling at humahapon sa balat, binabalot
At muling binibihisan ang kahupdan nito, hanggang
Ang matatanaw na lang dito, ang pagpagaspas
Nitong mga pares ng pakpak sa ibabaw ng mga pakpak
Sa ibabaw ng mga pakpak. Sabay-sabay silang lahat
Sa pagpagaspas sa kalawakan ng balat. At bagaman
Nanatiling nakasayad itong mga tuhod, sumasamba't
Nakaluhod sa banal na palayaw, nagawang maabot
Ang hilabos ng sansinukob.

Sapagkat Tuwing Sasabihin Mo Ang Pangalan Ng Mga Dating Mangingibig

Bumabalik ako sa kasaysayan
                                        upang hindi masisilayan
Ang mga napingas na marmol, ngunit pawang iisang marmol:
Isang bulto, bago, buo't handang maukitan pa lang. Maaalala ko
Ang palad ng mga dating iskultor. Maiisip ko ang mga páit,
Ang marahang pagbaon ng kanilang mga sarili hanggang sa
Pinakaibuturan ng bato, gumuguhit ng mga linya
At sugat upang mailabas ang kung ano ang nasa ilalim
Ng lahat ng ito. Isang delikadong sining ang eskultura. Hindi madali
Ang pagsaulo ng sining ng paghulma ng bato upang mabuo
Ang nilalang na dapat maging *ito*. Ito ang dahilan kung bakit
Nababali tayo't  nasasaktan. Ngunit muli, iuulit ko ang sinusubukang
Sabihin: hindi ko iniisip ang mga napingas na bahagi ng marmol,
Kundi pawang isang marmol lang, isang bulto, bago, buo, palaging
Nasa daan patungo sa pagiging perpektong pigura sa loob ng kwarto
Ng isang sinuman. Papaano
                                        ang isang magaspang na bato,
Nagiging nilalang ng kagandahan: nagsasalaysay ang bawat pilat
Tungkol sa panahong naigugol sa kamay ng minsang sumambang
Manlililok, ang digmaang pinaglabanan at napagtagumpayan
Laban sa páit at maso. Inilalahad ng maringal na postura ang lahat
Ng sugat na minsang dinanas, nagdadala ng lubos na kaluwalhatian:
*Salukoy*, ibig sabihin: narito sa *ngayon*, ibig sabihin: pawang *ito,*
*Narito* ang tagumpay na ako, kaya
                                                basta na lang, bumabalik ako
Sa ngayon upang tingnan ang iyong mukha't mga mata,
Tinitingnan kitang tingitingnan ako na parang bang ako
Ang nalalang ng mga pinakadakilang manlililok sa mundo, animo
Ang bawat pilat na mayroon ako ay nagsasabing *Kadalisayan*,
Perpeksiyon, animo walang mali, at ang lahat ng ito ay totoo.
*Na hindi ako isang pagkakamali:* ito ang bulong ng iyong mga mata,
Binubulong sa paraang hindi ibinulong ng mga dating mangingibig ko.
Walang mahagap na salita, tiningnan kita at umusal ng kapirasong
Dasal sa aking isipan. Nagising na lang ako: Hindi tulad nilang
Mga eskultor na siyang babaybay pa sa hubog ng aking katawan,
Ang iyong mga palad ay hindi mga palad na titipak at dudurog muli
Sa aking laman. Ang mga palad na ito,
                                                    at ikaw, ang siyang hangganan
Kung saan ako muli't muling babalik, mapapadpad.

Sapagkat Ganito Ang Tinatawag Mong Pag-ibig

1

Huwag sisihin ang hangin
Sa pag-alab nitong apoy. Alalahaning
Minsang ninais maging gamugamo, kaya
Bakit sinasambit ang pagsisisi
Na tila hindi ninais ang lumapit
Sa mga baga ng isa't isa, sapagkat
Nagpaubaya, nagpadala, nadala, naniniwalang
Napaso nang hindi handa. Ngunit
Sa ngalan ng lahat ng hanging umiihip
Sa umiinog na daigdig, sinasabi ko sa iyo:
Sapagkat ganito ang tinatawag mong
Pag-ibig: mga pakpak na nagpapatupok
Hanggang sa kahuli-hulihang abo.
Ang pagsayaw nitong mga alipato,
Ang pagkahulog at pagkadurog, sumasabay
Sa inaawit na tunog: *Tayo hanggang maubos,*
*Sapagkat hindi totoo ang pagkaubos*. Ito
Ang dasal, ito ang sagrado. Aariin,
Aawitin ang bawat páso, dahil hindi ito
Sugat na nagpapaalala nang madala,
Matakot, kundi mga alaalang nagdadala
Pabalik sa mga halik ng hangin—
At muli, uulitin ko para sa iyo: ang pag-ibig
Ang siyang mahinhing hanging tutungo
Sa ating pag-uwi.

2

Teorya: mula sa krisalis, bubukadkad ang mga pakpak, ang paglipad sa halimuyak ng mga bulaklak. Ang paglilipat-lipat, papalit-palit ng madarapuan: bulo ng isa sa mga binti, ang paghapo sa susunod, at sa susunod, at sa susunod, hanggang sa pagtubo ng mga palumpon, mga talulot sa ibabaw ng talulot sa ibabaw ng talulot, sa ibabaw ng mga dahon kung saan hahapon nang mahinahon. Dumaraang hangin sa mumunting galugod, ang pagitan ng mga pakpak na hinahagod. Papagaspas-pagaspas, ang hanging ang kumikilala sa kung anong rupok: sapagkat alam ang kahinaan at hinahon, hinahayaang humapon. Sapagkat sa paghapon, ang pagkanlong sa lahat ng maglalaho sa loob ng dalawang linggo.

3

Hindi natin maririnig ang lawiswis
Sakaling pipilin ang palagiang pananahan
Sa likod nitong mga salamin ng durungawan.
At ang hagayhay sa labas, mananatili
Bilang marahang pag-ugoy lang
Ng mga talulot at dahong natatanaw
Mula rito: sumasayaw sila sapagkat
Sa isang sapagkat na sila lamang
Ang nakakaalam, ang kanilang pagkahulog
Mula sa sanga, hindi pagkahulog
Kundi isang marahang indayog
Sa saliw ng awiting hindi natin maaawit:
*Mananatili*, sa pananatili sa loob nitong
Mga dingding, mula sa labas, wala tayong
Mararamdaman sa tuwing daraan
Sana sa atin ang hangin: mananatili tayong
Ligtas mula sa pagtangay mula sa lupa
Patungo sa patong-patong na panginorin,
Hanggang sa hindi na sana natin mawaring
Paano lumipad o saan maaaring kumapit. Sana.
Ito ang dahilan kung bakit narito pa rin tayo
Sa lupa: lumalayo sa alangang alangaan, natuto
Nang manatili sa kaparangang kaligtasan.
Hindi tayo magpapagalaw, kung kaya
Hindi na tayo gumagalaw. Dito sa pananatili
Sa loob ng silid, nananatili tayong malayo
Mula sa hangin. Ligtas, datapwa hindi
Ganito ang pag-ibig.

4

Teorya: sa pagpagaspas ang pamumuo ng isang bagyo. Maliit na pagbabago sa atmospera ang simula ng delubyo. *Sapagkat bahagi ng mundo ang mumunting pakpak, bahagi ng sansinukuban*. Ang pagbabago nito, pagbabago nitong dulot sa lahat: nabubuong bagyo sa pagkakaiba ng presyon sa atmospera: ang hanging kumikilos sa iba‘t ibang pwersa sa tropospera. Nagtutungo mula kalangitan ng mataas na presyon papunta sa kalangitan ng mababang presyon: ito ang dahilan kung bakit tinatawag itong *pagkahulog*, kung bakit gumagalaw ang kinagisnang alangaan. Sapagkat may nagbabago, sapagkat binabago nitong hanging umiindayog. Sapagkat mapapalibutan ng mataas na alapaap ang mababang alapaap, sapagkat babagtas ang hagayhay sa tanan marating lang ang gitna ng lahat: iindak at iihip sa panginorin, itutulak pataas ang mga ulap

sa langit hanggang sa suson-sunong ang pagkapal hanggang sa kumapal, kumapal at bumigat sa mga bahagi ng tubig na nananabik kumawala, kinalaunang makakawala dahil kinakailangang pakawalan.

5

Nais kong maging bato sa tugatog ng bundok:
Nananaha't umaayon sa katahimikan nitong
Pagsipol ng hangin. Iba ang simoy ng daigdig:
Mabangis na hangin, iniiba ang ngalan nitong
Hagayhay. Pinapakawalan doon ang lahat
Ng itinurong lamya't hinahon kung kaya,
Ninanais kong maging bato sa tugatog:
Naghihintay sa pagdatal ng paghawan nitong
Amihan, nananangay mula rito paroon
Sa paroroonang dako. Sapagkat ganito
Ang tinatawag mong pag-ibig: lumilipad na
Mga bato, inaakay mula lupa pataas tungo
Sa kung saan. Sapagkat mawawalan ng bigat.
Sapagkat bagamat batid na babagsak, ligtas
Sa pangako nitong salukoy: bato sa ngayon,
Hindi inaalala ang susunod mula rito
Sa pagiging bato: hindi mo alalahanin
Ang pagbaba mula sa panginorin, pagbagsak,
Pagkadurog hanggang sa maging pira-piraso.
Sa ngayon: ligtas ang bato. Sa ngayon: ligtas
Maging kinalaunan, sa mukha nitong bagyo:
Ang buhanging hindi madudurog.

6

Sapagkat kilala ng mundo
Ang pag-inog, kilala ng dagat
Ang sayaw ng alon. Pakanlurang
Pihit ng daigdig, pagyanig
Sa atmosperang nananahimik.
Ngayon, ito: ang pagkikiskisan
Nitong puwersa ng pag-ikot
Ng mundo, at ang marahas na
Pagsalungat ng hanging dapat
Nananatiling nakabinbin,
Nahihimbing sa langit. Kaya,

Ang pagkiskis ng nabulabog
Sa karagayan ng tubig, kilapsaw
Na nagiging along kailanman,
Hindi mapatatahimik. Sapagkat
Ganito ang tinatawag mong
Pag-ibig: ang pagtaas at pagbaba
Ng tubig na hindi mapapawi,
Ang pagragasa at paghampas nito
Sa mga naghihintay na bato,
Ang silakbo, itong hukbo
Ng lahat ng lumulusong sa lahat
Nitong hindi mapapangalanang
Lalim na kailanman, kailanman
Hindi mahahawan o madarakot
Nitong mga daliring nalulunod.

7

Ito ang bagyo: raragasa sa katawang-tubig at lupa, babayo at paroroon upang ilubog ang bawat sulok ng mga lungsod, sisipol sa karimlan ng himpapawid, tinatangay ang libu-libong talulot sa langit. Sapagkat animo napadpad sa kalangitan ang karagatan, ibabagsak ang lahat ng patak sa ngalan ng kadalisayan ng bawat pakpak ng mga paruparong humahapon sa kawalan: mga pakpak na patuloy pa ring pumapagaspas, mapabagal man o mapabilis, pumapagaspas sa pagdating ng hangin, sa pag-akyat ng mga ulap, sa pagbagsak ng ulan, at pag-inog ng santinakpan. Sapagkat pumapagaspas sa lupa, pumapagaspas sa pagdapo. Pumapagaspas sa pag-imbulog, pumapagaspas na bahagi ng nagmamatyag na kalangitang suson-suson. Sapagkat sa pagitan ng pakpak nitong maamong paruparo matatagpuan ang mata ng na bagyo.

8

Hindi maisasalansan nitong
Haraya at salamisim ang lahat
Ng nais malaman, maparamdam,
Sapagkat ang alapap ang alapaap
Na bumubulag sa mga hindi
Napapanatag sa pamamanata:
Sinasabi ko na sa iyong, *Halika*
*At sumayaw tayo nang walang*
*Pangamba,* ang ating nawawari,
Lahat nag-uugat sa kung ano
Ang sinisigaw at sinasamba
Sapagkat dito tumataya, dito
Nagmumula: sapagkat ganito

Ang tinatawag mong
Pag-ibig: hagayhay na bumabayo
Paroon sa huling sa huli lang
Matatagpo, tumatangay
Sa lahat ng pangamba, inuuwi
Ang lahat sa banayad
Na pananampalataya.

9

Hindi kailangan ang eksperto
Upang masabing mahalaga
Ang paghinga: simula pagkabata,
Sabay ng pagtibok ng puso
Ang hindi sinasadyang pagtaas-
Baba ng bagang hindi papipigil
Sa loob ng tadyang: lamang
Hindi natutulog hanggang
Sa pagdating ng mga kahuli-
Hulihang araw. Saan nga ba
Nagtatapos ang baga, saan
Nagsisimula ang hanging
Kumakatha sa ating
Mga nilalang? Narito itong
Ekolohiya ng hagayhay:
Bagaman parating laman
Ng katawan, hindi pahuhuli
Sa ating humahabol na
Kalamnan, itong ating
Mga daliring habambuhay
Na hahawan sa kawalang
Hindi kailanman mahahawakan,
Subukan man magpakailanman
Nang walang kapaguran. Sapagkat
Ganito ang tinatawag mong
Pag-ibig: ang paghinga nang
Malumanay, ang karunungang
Matatapos at matatapos din
Ang pagsamyo sa bawat
Tagpong panandalian:
Ang kapiraso ng langit sa loob
Ng iyong dibdib, ulap sa bagang

Pakakawalan din kinalaunan.
Walang magtatagal na sandali,
Hindi maaaring panatilihin
Ang hinding-hindi maisasantabi:
Huminga nang malalim,
Ang mga mata sa hangin:
Itong hangin, hindi nahahawakan
Ang hangin: hindi pahahawak
Ang hangin: hindi maaaring
Ikulong ang hangin.

Sapagkat Umiibig Tayo Hindi Man Sa Isa’t Isa

Ligtas tayo sakaling malampasan natin
ang isa’t isa. Sabihing
Sa lungsod na nilalakaran, magkakasalisi nang hindi natin
Malalaman. Ang iyong mukha, pawang mukha lang sa dagat
Nitong mga dinaraanang mga mukha, walang kakatwa,
Walang kakaiba. Mukha lang na makikita sa mga panandaliang
Salamin ng mga sasakyang dumaraan, hindi tunay na nakikita
Sa pahapyaw na tingin, ngunit pangako pa ring naroon ka,
Naroon ka, bagaman hindi mailarawan,
alam ng diyos,
Naroon ka. At sa tuwing makikita ko ang iyong mukha, alam kong
Nakikita mo ang aking mukha, bagaman hindi ako tinitingnan,
Sapagkat ang aking mukha, pawang mukha lang sa dagat
Nitong mga dinaraanang mga mukha, anino sa ilalim
Ng mga anino, natatakpan at nilalamon. Sapagkat sakaling
Magkasalisi tayo, hindi magawang matagpuan ang isa’t
Isa, magiging ligtas tayo: patuloy pa rin
ang ating mundo,
Ang pag-inog nito, at makatatagpo pa rin tayo ng panibagong
*Ikaw* na aawitan sa ating pagtulog. Mananatili tayong
Malayo sa isa’t isa, ngunit hindi natin malalaman kung ano
Ang distansiya sa pagitan natin sapagkat hindi natin batid
Kung ano ang nawawala. Patuloy tayo sa pag-ibig, at iibig
At iibig pa rin, hindi man sa isa’t isa. Hindi ko hihilinging
Ang manitili ka pa sa aking tabi dahil may panibagong
Mangingibig na hahawak sa akin,
sa aking mga daliri,
Sa aking sarili. At sakaling magkasalisi tayo rito sa lungsod,
Hindi magawang mahanap ang isa’t isa, tumigil upang makilala,
Mananatili pa rin tayong ligtas at umiibig. At iibig,
At iibig.

Sapagkat Kinahatinggabihan

Alambalay na alimaymay na tinig, ulyaw sa loob nitong silid.
Ang burador ng pangakong hindi maitatawid sa mga titik.
Sapagkat *Matapos itong dilim, ang ligaw na liwanag na darating*.
Subalit sapagkat kung saan narito, wala ang inuusal na dilim.
Sa ngayon, itong katotohanan sa gitna nitong apirang taimtim.
Sa ngayon, mga katawang nahihimlay sa gising na panaginip.
At ang liwanag, lumalagos sa mga bitak nitong uhaw na labi.
Balat sa balat, tumatalunton sa laman ang himig na pintig.
Sapagkat ang palad mo sa akin ang mapa sa lungsod ng pag-ibig.
Ito, ang bulag na pag-apuhap at pag-aninaw, ang iyong mga yapos.
Ito, ang pagsipat sa dulo ng daliri sa kawalang-hangganang ito.
Sapagkat matapos ang dilim, ang manibalang na muling pag-uwi.
Ang ating mga katawan, ang pusod nitong ruweda ng liwanag.
Sa karimlan, sa pagsamba sa palayaw matatagpuan ang liwanag.

Sapagkat Tinatawag Ko Ang Pagtubo

Tinatawag ko ang lahat ng mga kampit sa daigdig, hinahanap ang kanilang mga pagguhit sa ating balat na nasasabik. Tinatawag ko sila upang ibaon ang kanilang mga sarili sa atin: braso, pulso, binti. Tinatawag ko ang dugong tatagas mula sa sugat na bubuksan, silang papatak at pipinta sa natutulog na kapatagan. Guguhit nang guguhit sa ating mga sarili hanggang tayo ang magiging mapa ng daigdig, tinatawag ko ang mga ito hindi bilang sakit. At ito, mula sa kaliwang balikat patungo sa kaliwa: ang sugat ng hindi mapangalanang hapis mula sa mga panaginip. Ito, mula sa iyong dibdib pababa ng pusod: ang linya ng agwat kung nasaan ka at nasaan ako. Ito, sa kahabaan ng iyong gulugod, ang tumatalunton sa kasaysayan ng sinasabing ngayon: ito ang pinapangalanan sa ngayon. Sapagkat sa ngayon tinatawag ko itong *Tayo*. Sapagkat tinatawag ko ang paghihilom bilang paglalanggas. Kung kaya, tinatawag ko ang lahat ng halaman, sinasamo ang kanilang pag-usbong sa sugatang katawan: mula sa bawat hiwa, ang marahang paglabas ng mga mumunting dahon, paisa-isa, paisa-isa... Hanggang sa pagtubo't paggapang ng baging at dahon sa katawan: babalutin ang katawan, gagalugarin ang mga itinatagong kasuluk-sulukan. Tinatawag ang mga ugat, tinatawag ang lahat ng pamumulaklak. Kaya tinatawag ang lahat ng bulaklak, at uusbong ang lahat sa bawat sugat, ang kaninang pula, magiging magsasarikulay, hahalimuyak. Bakus, tinatawag ang pagkaguho ng laman upang maging panibagong lupa. At itong balat, magiging balakbak, ang mga buto, maaagnas. Sapagkat *Walang alintana ang muling pagkabuhay,* sapagkat *Walang bumabalik lang ang lahat sa simula*. Mula rito, tinatawag ang palumpon. Tinatawag ang lahat ng dahon. Tinatawag itong buong mundo, at maririnig ng tinatawag ang alingawngaw nitong pagtawag: mula sa kalayuan, ang hukbo ng mga bubuyog, ang pagtugon sa kanilang pag-ugong. Sumasayaw at sumasaling, mga bulong bitbit-bitbit sa kanilang binti, hanggang ang hindi na maging palumpon ang palumpon. Sapagkat tumutubo, sapagkat lumalago. Sapagkat tinatawag ko ang sarili. *Pakinggan mo*, tinatawag ko ang ating mga sarili. Tinatawag ko itong mga katawan natin. Makinig ka sa akin: tayo ang hardin ng kawalang-pagsisisi.

Sapagkat Ang Iyong Sarili

Ang tanging mayroon ka sampu ng iyong mga daliri,
Bulag sa kanilang paggapang, gumagalugad, patuloy
Sa paghahanap at marahang pag-apuhap, pagkapa
Doon sa tanging mayroon ka: ang iyong mga binti,
Balikat, dibdib, mga parang na nag-aabang sa unang patak
Ng himala, sinisipat ang langit sa paghihintay, hanggang
Sa huli, ang tanging mayroon ka, itong kalawakan
Ng iyong laman, ang bawat paahon at palusong nito,
Mula sa mga pasa, sugat, pilat, at galos na bumabalot
Sa pinakatatanging mayroon ka: ang iyong balat na binalot
Sa kadalisayan ng liwanag mula kung saan, tumatama
Sa mga butil ng pawis sa mga binti, balikat, dibdib, nagiging
Mga mumunting salamin ng tanging mayroon ka: ang lagyo,
Sa wakas, na nabibigyang-hugis at nararamdaman
Ito, itong mahahawakang mapanghahawakan,
Ang tanging mayroon ka rito sa nalalansag na uniberso
Kung saan patuloy ang mahinahong paglayo ng lahat
Mula sa isa't isa, hinihila ng mga makamundong puwersa:
Ikaw, ang sarili, ang tanging masasabing *Akin.*

Sapagkat Matatagpuan Mo Ang Iyong Sarili

Sa kawalan, hindi mo mahahanap ang iyong daan pauwi. Mawawala
Ang mauuwian sapagkat mawawala ang pag-uwi. Mawawala ang mga daan,
Mabubura ang kalsada at manunumbalik ang lupa. Tutubong muli
Ang mga nawalang damong-ligaw sa pagitan ng mga bitak ng semento,
Gagapang upang balutin ang mga poste-ilaw at kawad. Mamumulaklak
Ng kawalang-kagandahan, mawawala ang aspalto sa dagat ng lumot.
Hihinto ang lahat at mawawala ang panahon. Sapagkat babalik ang lahat
Sa lupa, sapagkat ang mga bunganga nitong dumidighay ng alimuom
Matapos ang unang patak ng himala. Matutumba ang mga gusali,
Guguho mula sa dibuho ng pagkawala. Ilahas na alingawngaw
Nitong mga kulisap na sumasayaw, ikaw ang mananatiling naghahanap
Kung sino ang matatawag mong *Iyo*. Ikaw ang mananatili rito at iikot
Nang iikot sa pusod ng kagubatan ng lungsod hanggang sa iyong pagyuko,
Madadatnan mong nawawala na ang iyong mga paa, hita, at tuhod.
Walang punsong matuturo kung kaya huhubarin mo ang iyong baro
At sa pagbaliktad nito, matatagpuang nawawala na rin pati ang katawang
Bibihisan mo. Unti-unti kang mawawala't madudurog, sapagkat totoong
Nagmula ang lahat at babalik sa alabok. Ang hanging dumaraan
Sa pagitan ng iyong daliri ang hanging tatangay ngayon sa iyong
Mga daliri: mamasdan mo ang mga palad mo at marahang dadampiin
Ang balat na nalalagas at balahibong naghihimulmol. Mawawala
Ang lahat ng ito. Pagtingala, tinutupok ang panginoring suson-suson.
Umuulan ng mga talang nahuhulog. At ang buwang bilog, nawawala,
Nilamon ng halimaw na nagkukubli sa likod nito. Babalutin ang santinakpan
Ng karimlang hindi mapapangalanan. Susubukan itong mapangalanan:
Walang batong hindi mababaliktad, walang salitang hindi mauusal.
Magsisimulang magwala ang mga bagamundong laman. Tayong mga simarong
Hayop na natuto kung papaano ang umapuhap nang hindi binubuksan
Ang ating mga mata. Sapagkat iniibig natin ang dilim. Kung kaya rito,
Pilit na inaabot. Kung kaya rito, pilit na nagpapang-aabot. Kung kaya rito,
Sa dilim, natagpuan natin ang isa't isa. Hindi na tayo mawawala.

Sapagkat Isusuko Mo Ang Iyong Sarili

Sa dilim, papahintulutan mo ang pagtalunton ng mga daliri ko
Sa mga naghihintay na palad mo, ang marahang paglalakbay
Nang walang pag-aalinlangan sa baybayin ng iyong katawan,
Tulad ng pagtatagpo ng mga kurbada ng ating mga laman, pinupunan
Ang mga siwang sa ating mga nagigising na balat. Hayaan mo
Ang pagbagtas ng mga labi ko sa mga itinatagong sulok-
Sulok ng sarili mo at tatawagin nating ating lihim
Ang lahat ng mga ito—ang batok mo, ang likod mo, ang espasyo sa likod
Ng mga tainga mo, kung saan malumanay kong ibubulong *Ito*
*Ang ganap na pagsuko*, sasabihing *Ito ang totoong pag-iisang-*
*Dibdib*, ang mga baga nating sabay na pumapainlanlang, nananahan man
Sa magkaibang tadyang, mga puso ng mga nagkukumawalang
Hayop na nagiging bahagi ng iisang pulso. At tulad nitong bagong balat na inihabi
Mula sa mga patak pawis, hayaang lumaya ang sarili, ang sarili hanggang sa
Hindi na matunton pa ang pagitan ng ating mga katawang nagsasa-isang
Nilalang, hanggang sa hindi na mahanap pa kung saan ka magtatapos at saan ako
Magsisimula, hanggang sa hindi na maihihiwalay pa ang mga lagyo mula sa pagiging
Iisa. Halika, halika, hahalikan ka't sa iyong pagsuko nang ganap, ikaw
At ang iyong lahat, lalapit at babalutan ng halik, aariin
Ang bawat pilat sa bawat bahagi, pangakong mamahalin nang buong magdamag
Hanggang sa hangganan ng mga araw. Sumuko't iparinig sa akin
Mula sa iyong bibig ang halinghing na himig ng naglalansag na
Pagnanais, ang tinig na bubuhay sa ating mga sarili, ang pagsambit
Sa pangalan ko bilang isang banal na awit, dakilang panalanging magsasamo
Dito sa madilim na silid ng isang liwanag na masisilayan lamang
Ng mga nagpapaubaya, hanggang sa pagdating
nitong kinaumagahan,
Sa tugatog ng bukang-liwayway at pagsipat sa atin nitong mga naliligaw na
Sinag ng araw, tumatagos sa salamin ng mga bintanang binuksan,
Mamasdan mo ako at ang mga mata kong umuuwi't umuuwi pa rin
Sa iyo, pilit winawari matapos ang lahat ng ito, matatawag pa rin bang akin
Ang aking sarili.

Hinihiling kong hubarin natin ang ating balat. Hinihiling kong buklatin ang sariling katawan at hayaan itong gumawa ng tunog sa pagkalagas. Hinihiling kong hayaan nating mahulog itong laman, hayaan ang pagbabalik-loob nito kung saan tayo nagmula. Hinihiling kong ilabas natin ang ating mga dila, hilain ito pababa sa bunganga ng lupa. Matapos, alisin at itapon ito sa bundok ng mga dilang nilimot. At itong mga daliri natin, hinihiling kong isa-isa natin silang putulin: isa, dalawa, tatlo... Paisa-isa silang lalamunin sa karagatan ng mga itinapong daliri. Sapagkat wala nang silbi. Sapagkat ang habilin: sapagkat *Itong hindi masasalat ng palad,* sapagkat *Itong hindi masasaling kailanman.* Kaya hinihiling kong kumawala tayo: itong ating mga binti't paa, hinihiling kong iwan natin sila sa pintuan ng lahat ng ating iiwan. Sa ating paglalakbay, hindi na tayo kailanman mapapagod pa. Tatakbo tayo nang tatakbo hanggang makarating tayo sa pitong taon... Habang ang ating mga balakang, malalaglag at maiiwan sa kahabaan ng ating daraanan. Sila ang magiging huling salawal na sasalo sa mga hindi na natin pagmamay-ari kailanman. Hinihiling kong maalis ang buhol sa ating mga pusod, hayaang bumulwak ang ating lamang-loob. Kapagdaka, itong tadyang na pumapaimbulog, hinihiling kong paisa-isang makalas hanggang sa mahawakan at mahablot ang nananahang puso. Hinihiling kong maitaas itong tumitibok sa liwanag ng alab mula sa sinindihang mga buto. Mamumula ito sa pulang anino. At hubo't hubad sa harap nitong apoy, hinihiling kong patawirin natin ang ating mga sarili: pumasok sa lagablab at tumapak sa baga, sasayaw tayo sa saliw ng salawsaw nitong mundo. Kung anong sinag na hindi nakasisilaw sapagkat ang mata natin ay gumulong na palayo. Ang ating bungong matagal nang naglaho. Wala na tayong iniinda. Wala na tayong maiiinda. Sapagkat wala nang bigat ng lupa. Sa halip: ito, ito. Tingnan mo. Hinihiling kong tumingala tayo: *Tayo*. Itong mga talang alipato.

Sapagkat Kinaumagahan

Matapos ang pagsaibayo ng mga lagyo, ito
Ang sasalubong: sa pagmulat at paglingon
Sa iyong direksiyon, nang madadatnan na lang sa apiran
Kung saan naroon ang nahihimbing mong katawan
Kani-kanina lang, ang isang di-mapupunang puwang
Mula sa hindi namalayang pagbangon at pag-alis mo,
Ang hindi pananatili at hindi na muling pagbalik pa matapos itong
Habambuhay na paglabas sa silid ng buhay ko—walang takot akong
Hindi magtataka. Hindi na ako magtataka kung bakit
Ganoon pa man, matapos ang lahat, matatagpuang maganda pa rin
Ang umaga: ang hinhin nito sa marahang pagmulat, nananatiling
Mabait at malumanay, kung paanong umiinog pa rin ang mundo
Pakanluran, at ang araw, katulad ng mga bagamundong ulap,
Nananatili pa ring nakabinbin at nakalutang sa kawalan
Nang hindi nalalaglag, nalalansag. At ito, ang liwanag,
Lumalagos pa rin sa pagitan ng mga dahon at sanga nitong
Puno ng mangga sa tapat, kung saan nagmumula ang naririnig na
Mumunting huni ng mga hindi nagpapakitang ibon, kasabay sa tunog
Sa di-kalayuan ng pagkiskis ng tingting sa semento. *Magandang*
*Umaga, maganda pa rin ang umaga*. Nakatitiyak akong pagdating nitong
Kinabukasan, pareho pa rin ang lahat ng daratnan: parehong tunog
Ang maririnig mula sa mga parehong bagay, mga bagay na
Masisilayan pa rin sa ilalim nitong parehong liwanag. Nakatitiyak
Ako, nakatitiyak akong nakatitiyak ako sa mga bagay na ito
Sapagkat alam ko ang daang ito. Sapagkat alam ko kung papaano
Ang umapuhap, sapagkat alam ko ang pananampalataya. Sapagkat
Noong ibinulong ko sa iyong *Iniibig kita*, alam kong ibig sabihin nito,
Hinding-hindi ka mawawala.

Sapagkat Iniibig Kita

Alam kong mawawala ka.
Ang iyong mukha, ang suson-susong maskara
Ng sarili, ang marahang pagkalansag ng mga ito,
At ang mga mata, pawang mga matang, sa wakas
Nawawala ang itinatago. Ang alimbukad ng iyong
Kahubdan at ang pagpapasipat sa akin sa kung ano
Ang pasa, sugat, pilat, galos na matatagpuan lang
Doon, sa mga sulok na pinakatatago, at ang kabatiran
Sa kawalan ko ng kapangyarihan para sa kaganapang
Paghilom ng lahat ng mga ito. Ang hindi mapipigilang
Paglagas, ang paghulog at ang muling pagbalik
Sa nag-aabang na bunganga ng lupa, at kung papaanong
Ito, ang aking mga palad, ay pansalong hungkag,
Butas upang masagip ka. Ang lahat ng ito, ang sakit,
Ang mga araw na hindi ko na kailanman maibabalik
O mapipigil sa pagnanasang maitago mula sa iyo
Itong lawak at lalim ng hangganan ng dilim.
Ang karupukang uulit-uliting maisasalang sa init
At lamig, sa bawat paglagas at muling pagsibol
Nang ayon sa panahon. Ang hindi maikukubling
Karunungang sa lahat ng ito, at hindi maiaalis
Ang katotohanang ito kailanman. Ang salitang
*Pagpaparaya*, mula sa salitang-ugat na *daya*, sapagkat
Nagpapabulag sa paghaya sa pagpapalaya bagaman
Ang posibilidad na madaya nitong banal na daliring
Gumagabay patungo sa hangganan ng kung saan,
Daliri sa ngalang *tadhana*. Ang pagkapatda, pagkadapa,
Pagluhod, at pagsuko sa harap nito, ang pagsamba
Sa debosyon. Ang pangalan nito, pangalan mo.
Ang pangalang humahaplos sa aking mga labi.
Ang hindi maaapuhap ng mga sariling kuko't daliri.
Itong pinakasandali ng pagkatuyo ng dila't lalamunan
Mula sa kawalan ng salitang maaaring magbibigkas
Sa kuwentong nahihimlay sa pagitan nating dalawa.
Kailanman, ang katotohanang hindi ito ganap na
Magpapabigkas. Samakatwid, ang ganap na
Pagpapaubaya sa kawalan ng imik. Ang mga hikbi
Nang dahil sa galak. Ang imakuladang kaligayahang
Hindi magtatagal kailanman. Matapos ang halakhak,

Ang palumpon ng buntonghininga. Itong sandali
Ng kahinaan, ang hindi pagiging diyos, hindi pagiging
Banal. Sapagkat may hangganan ang bagamundong
Katawan, alabok sa alabok, at hanggang dito lang
Ang kayang marating ng mga kamay ko sa pag-abot
Sa panginoring patong-patong para sa lahat ng handang
Maihandog. Sapagkat para sa iyo ang lahat ng ito,
Ngunit sapagkat ang lahat ng ito, hindi maaaring
Maging para sa iyo. Sapagkat ang unibersong hindi
Mapapaiyo, itong pag-inog na mananatiling tungkol
Sa sarili nito. Sapagkat hindi ko mapapasan sa balikat ko
Ang buong mundo, sapagkat hindi ko papasanin
Sa balikat ko ang iyong mundo. Sapagkat ikaw
Ang kulisap na pakakawalan sa gitna ng gising na dagat,
Pinong liwanag sa gitna ng karimlan, mapupundi rin
At malulunod kinalaunan sa iyong pagkahapo
Sa hindi matapos-tapos na paghahanap para sa lupang
Kakanlong sa iyo. Sapagkat kanlungan ang dulong
Hinahanap mo. Sapagkat itong paghahanap ang tunay na
Kalbaryo, namumukadkad sa pangakong *Malapit na,*
*Malapit na*, hanggang sa makakarating ka rin doon
Kung saan naghihintay pa rin ang pangakong malapit na
Ang *Malapit na.* Sapagkat ang pagkauhaw sapagkat
Sa pagkalumbay. Sapagkat batid ang kawalan ng daan
Palabas mula sa pasikot-sikot sa loob ng gubat,
Baliktarin ang iyong kamiseta. Sapagkat hahayaan itong
Maganap. Sapagkat batid ko ang kinakailangang
Maganap. Sapagkat noong sinabi ko sa iyong
*Iniibig kita*, pinakawalan ka mula sa mga palad ko,
Hinayaang maganap ang lahat ng magaganap
Sa iyo. Sapagkat iniibig kita, alam kong mawawala ka.
Sapagkat ito ang ehersisyo ng pag-asang maaaring
Umuwi lang lahat sa wala, patuloy na umaasa ako
Para sa lahat. Sapagkat sa pagdatal ng isang araw,
Pagkagising, malilipol ka, bilang ito ang kalikasan
Ng lahat sa mundo, at magpapatuloy sa pagsaibayo
Doon sa kung saan tunay na hindi maaabot-
Tanaw. Sapagkat nananatili't mananatili pa rin akong
Umaasa. Sapagkat ikaw ang harayang kailanman
Hindi mapaparam mula sa kaibuturan ng laman,
At dito, sa aking pinakaloob, alam ko ito, alam ko ito:
Sapagkat iniibig kita, hinding-hindi ka maglalaho.